

Limang Tula Tungkol sa Politika ng Mapagsamantala

E. San Juan, Jr.

philcsc@gmail.com

KAILAN PA MA'Y DI MAGDIDILIM: Dalit ng Pinoy Abrod

Pumipitlag ang dibdib ng migranteng napahampas-lupa,
Naalala ang bilin ng lolo't lola: "Umpisahan mo na
Maging ikaw upang bukas, tandisang ikaw na nga...."

Paglisan sa pugad ng luha't dalita, bayang sawi...
"Kulang sa pito, labis sa walo" — saksi ang puyo sa talampakan;
Pikit-matang lumagda sa kontrata, pumalaot na....

Ano ba ang dapat kong mabatid? —sulyap sa kapiling....
Karanasan kung walang teoryang gabay ay bulag daw.
Kisap-matang gunita'y nalusaw, bagamat tumitibok pa rin—

Ano ang dapat kong gawin? Di pa tanaw ang tatawirin....
Buko at bunga'y nalagas na, di pa napapanahon...
Kukurap-kurap, walang bituing maaninag na titingalain—

Tigil na ang paglubid ng buhangin, silipin ang lagdang mababakas pa...
Teoryang walang karanasan ay sugal o larong biro-biruan....
Ano ang maaaring asahan? Kulang sa siyam, labis sa sampu?

Bago magsindi ng kandila, bigkisin ang kamao, ihagis ang dais—
Pumipiglas, di sapat ang kumindat na lamang sa gabing pusikit—
Gising na, atin ang kapangyarihan: kislap, banaag, sikat—bukang-liwayway!

PAHATID MULA SA ISLA NG ASWANG AT MANGKUKULAM

Matagal nang alok sa amin na bumisita sa Siquijor—bakit?
Naibalita ng reporter na si Aie Balagtas See kamakailan ang naroon—
Namangha't nagulat sa nasaksihan nitong Banal na Linggo, 2025....

Ayoko nang maglakbay sa Subic o Olongapo, sa Abu Ghraib o
Guantanamo—
Halina't sumabak sa pista ng hiwaga't kababalaghan!

Ay naku, huwag nang pagpugayan si Quiboloy at mga salamangkero ni
Digong!

Nakita ni Aie See ang ritwal sa paglikha ng gamot sa pag-ibig—
Isang arbularyo sa tuob ang humalik at bumulong sa usok ng
kamanyang....

Ayoko na ng Louis Vuitton Prada Gucci Bulgari Rolex Armani!

Tumagos ang mahika, nilagnat si Aie See, naduwal—saklolo!
Nadala sa Ospital at modernong mediko, naiwasang maging fetish o
sakripisyo.

Ayoko na ang gayuma mga idolong Frank Sinatra Lady Gaga Google
Trump Taylor Swift!

Kumpisal ni Aie See na saludo siya sa humanidad ng taga-Siquijor
Kundi nakulam na siya't pinagsamantalahan ng mga kurakot sa "bayang
sawi"...

Ayoko na ng Macdonald, Starbuck, naloko na tayo ng Hollywood at
Disneyland...

SAN JUAN, Jr.
Limang Tula Tungkol sa Politikang Mapagsamantala

Itinala ni Aie Balagtas See ang naranasan sa bayang sinakop ng Imperyo
Kung saan ang arkipelago ng aswang ay pugad ng mga manghuhuthot—
Dinastiya ng mga oligarkong alipin ng ibong mandaragit, Patriyarko
Ng naghaharing manggagaway, sumpang biyaya ng Washington at
Pentagon.

Mula sa Balangiga hanggang Siquijor, umaalingawngaw pa ang tahol:
“Civilize ‘em with a Krag!”

**PAGTUGIS SA GUNITA NG BALANGIGA,
aka “Howling Wilderness”**

Matagal na nais nating makarating sa Balangiga, nag-ulik-ulik...
Subalit nahinto’t dumagsa ang pangamba.... Saan luluwas?
Nalimutang mapa—halughugin, walang giya o patnubay....

Pagnanais daw ang buod ng pagkatao. Sa gayon, di pwedeng tumigil
O mag-atubili, natanaw mo na ba ang hugis ng bundok Sohotan?
Isiping paakyat na tayo sa yungib ng hukbo ni Heneral Lukban—

Gutom uhaw pasakit—ay naku! Dumagsa sa ating paglalakbay
Tungo sa nayon ng Borongan, dating kuta ng kongkistador...
Taluntunin ang ruta ng mananakop, bakas ng hayup at biktima—

Huwag kayong tumangis o tumawa, huwag aksayahin ang luha o sumpa
Kailangang unawain: katawa’y marupok, kaluluwa’y pagod...

Tila naligaw tayo, nalihis sa landas tungo sa Marabut at Guinapongan....
Sa tapat ng burol, di dapat mawalan ng tiwala at pag-asa—
Walang imik, walang anasan ng dasal sa bukana ng Balangiga...

Kaakbay natin ang babaylang tutugtog ng kampana, tanging lunggati—
Nais ng tubig, halik, pagtatalik, lihim ng gayumang napanaginip....

Teka muna, anong hagulhol iyon? tumatahol sa gubat, alulong
nakatutulig?

Naligaw tayo, hindi na tayo aabot sa islang Homonhon—

Giliw ko, kalamayin ang loob

Sa pagsisid sa gintong kaligay, conus gloariamaris— —

sabik sa pinakamimithing....†

REFLEKSIYON NG ISANG BATANG NAIS MAGING HISTORYADOR

Matagal nang naglaho ang putahan sa Gardenia, Sampaloc, Maynila,
Ngunit di mo maunawaan bakit pinasara iyon ni Dr. Justo Lukban noong
1918.

Lumipat lamang ang mga kliyente at sex-worker sa Quiapo, Ermita, Pasay,
Makati, atbp.;
Huwag nang banggitin ang mga base militar sa Olongapo, Cebu, Palawan
at Zamboanga...
Sa huling siyudad, inaawit pa ang biro tungkol sa buntot ng mga unggoy
at matsing.

Sa malas, ang gulong ng kasaysayan ay paikot-ikot, di sumusulong, nag-
alboroto?

Patuloy pa ang kahindik-hindik na “genocide” sa Gaza na higit pa sa
nakaraang “Holocaust”
Bagamat umatras na ang tropa ng U.S. mula sa Iraq at Afghanistan.

Patuloy pa rin ang giyera sa Ukraine—sumisigid, tampok sa diyaryo’t
telebisyon
Bagamat libu-libong patay ang nakatambak sa teritoryong pinag-
aawayan....

Patuloy pa rin ang pananakot, ang barbarismong bumubuga mula sa
Washington....
Bagamat bagsak na ang dolyar, kapitalistang mandarambong lang ang
nakikinabang—

Patuloy pa rin ang banta sa Venezuela, Iran, Rusya, Tsina, sino pa ba?
Bagamat tutol sa terorismo laban sa migrante ang libu-libong
mamamayan....

Patuloy pa rin ang korupsiyon sa “bayang sawi” —dinastiya ng Marcos ay
nakabalik;

Bagamat ilang “People Power” na ang nakaraos, nariyan pa rin ang mga buwaya...

Patuloy pa rin ang base militar ng U.S.—dumami nga at lumaki pa!
Bagamat wala nang isda sa West Philippine Sea, binulabog ng armas ng Imperyo.

Patuloy pa rin ang pag-init, paglusaw ng yelo sa Timog at Hilaga ng planeta
Kaya malimit ang baha, sunog, lindol, pagsabog ng bulkan—lulubog na ba ang isla?

Teka, sandali, BALITA! diyamante ng Hari at Reyna ang ninakaw mula sa Louvre, Paris,
Bagamat mahigpit pa kaysa Abu Ghraib o Guantanamo ang bantay roon....

Kahapon, pumutok ang bulkan sa Taal—walang babala, tila galit ang Kalikasan...
Di na tuloy maatupag ang samot-saring nangyayari’t nagaganap sa paligid—

Kung ganito nga ang atas sa historyador, anong saysay ng naratibo o kronikang malilikha
Kung ang Diyos mismo ay nangungusap na sa balita sa pahayagan, Sa radyo, telebisyon, cellphone, sa social media—di na kailangang patuloy itala—

Patuloy ka pa bang magsisikap maintindihan, mauunawaan, masakyan ang lahat?

Nasa Gardenia o Gaza ka man, magmuni-muni muna. Teka muna—
Ikaw rin, sinong nagsusulat? Atras sandali, kwidaw—
baka sumpain ka ng ‘pareng sumusubaybay sa iyo.

MASAKER SA LIANGA, SURIGAO DEL SUR, MINDANAO

Nakalulunas ang mabiyayang hamog sa umagang ito habang
Namamahinga sa Quezon City, malayo sa Lianga, Surigao del Sur.

Patak ng ulan ay lunas sa balisa't pangamba sa paglalakbay—
Subalit di na masasagip ang mga biktimgang anak ng Lumad.

Dumaloy sa sapa ang dugong bumuhos sa katawan
Nina Dionel Campo, Juvelle Sinzo, Emerito Samarca—
Kailan muling lilinaw ang tubig sa batis ng katutubong komunidad?

Pumaligid ang mga estudyante sa eskwelang itinayo ng mga nasawi—
Wasak lahat, sinira. Tahimik ang pook ng sakuna. Nasaan si Myra Ugking?

Naudlot ang awit ng ibon, walang imik ang hayup sa parang at bundok...
Walang bakas ang mga tutubi't paru-parong nabulabog ng mga sundalo.

Naamoy mo ba ang insenso ng mga putok? Nadinig mo ba ang pagsabog
ng utak?
Wala ng aralin sa guho, wala nang librong babasahin. Dalumatin na lang
Ang daing ng ulap sa langit, dalamhati ng buwan, pighati ng bituin.

Dumadaloy muli ang agos ng tubig mula sa batis ng Lianga, Surigao del
Sur,
Sa gitna ng bagong biktimgang natuklasan nitong taong 2021....

Pagdating ng takip-silim, mabubunyag ang itinagong lihim ng mga
salarin....
Sa magdamag kumikilos ang mga anak ng Lumad, handa sa pagsulit.

Pakiramdamin natin sa gitna ng hibik, dasal, hagulhol at buntong-hininga
Ang rumaragasang ilog mula sa nalabusang batis ng Lianga, Davao del
Sur.

*Kilalang kritiko at manlilikha sa larangang internasyonal, si **E. San Juan, Jr.** ay dating chair ng Department of Comparative American Cultures, Washington State University, USA. Nahirang din siya na iskolar sa W.E.B. Du Bois Institute, Harvard University. Nagsilbing Fulbright professor of American Studies, Leuven University, Belgium; gayundin, sa University of the Philippines at Ateneo de Manila University. Nagturo rin siya sa departamento ng English at Comparative Literature, University of California (Davis); Brooklyn College, CUNY; Bowling Green State University; University of Connecticut, Tamkang University (Taiwan), at Trento University (Italy). Ilan sa mga bagong aklat niya ito: Carlos Bulosan: Revolutionary Filipino Writer in the U.S.. (Peter Lang); Peirce's Pragmaticism: A Radical Perspective (Lexington) at Critical Engagements in Cultural Studies and Comparative Literature: Salvaging the Ruins of Empire (Brill). Kamakailan, nailathala ang ilang libro niya: The Subversive Reader (Vibal); Maelstrom in the Killing Fields (Pantax); Lualhati Bautista, Nobelist;a;at Ang Armadong Paraluman sa Panahon ng Kilabot/The Armed Paramour in a Time of Terror (U.S.T. Publishing House); at Recognizing Apolinario Mabini (U.P. Press).*